¡Cuan serena y pacífica levanta
Su modesto fanal la tibia luna
Y con sus tintas de misterio encanta
Cuanto debajo de su faz se aduna!

¡Cuánta bella ilusión nos aparece
En la extensión del campo solitario,
Que se acerque ó se va que mengua á veces,
Al soplo inquieto del ambiente vario!

¡Oh! tras el sol de perezoso día
De julio abrasador, que el alma enerva
Cuando en lugar de luz rayos envía
Que agostan flores, árboles y yerba!

Se ensancha el corazón: el alma sube
Del entusiasmo en alas, y se encumbra,
Y de astro en astro va, de nube en nube,
Hasta que clara inspiración la alumbrá.

Y esa es la mía: en la nocturna vela
De Julio ardiente el pensamiento mío
Con noble inspiración se encumbra y vuela;
Y estas son mis *Vigilias del Estio*

Nada profano hay en ellas,
Lector no hay en sus renglones
Más que viejas tradiciones
Y acaso fábulas bellas.

No tienen más intención
Que hacer humilde memoria
De nuestra pasada historia,
De nuestra fé y religión.

Y abrevio anuncios prolijos.
Lector dar puedes en suma
Cuanto salga de mi pluma
A tu muger y á tus hijos.
¡Fálteme la luz del sol.

3.o Ang sumunog ng mga hacienda, máquinas, cabiauan, tubuhan at ibapang pananim na paris nito, cun ang nasayang na halaga ay lampas sa 6250 pesetas.

Art. 552. Cun ang nasayang na halaga sa mga bagay na sinasabi sa número 2.o at 3.o ng sinusunodang artículo ay di lumalampas sa 6250 pesetas, ngunit, humiguit sa 650, eng nagcasala ay parurusahan ng presidio correccional sa caniyang grado medio at máximo.

Cung di lumalampas sa 650 pesetas, ay icacapit sa caniya ang dusang presidio correccional sa gradong mínimo at medio.

SULAT SA TAGARAO.

PAUNAU

¡Mahinahon ngani cung itinatanyag
ng bouan ang caniyang mahinhing liuanag,
at caalio-alio cung pinagmamalas
ang balang abutin ng caniyang sicut!

¡Ang pinapangarap nati, capalaran
sa guitna ng isang tahimic na parang
malayo, t, malapit, cumipot lumouang
sa simoy ng hangin ualang capalag-yan!

Cahit malanta ang isip ng tauo
sa sicut ng arao ng buan ng Julio,
na nangatutuyo sa sicut ni Febo
ang mga halaman bulac-lac at damó;

Ngunit, pagcatapos ay nananariua
at sacá lilipad na calong ng toua,
tanang alapaap ay sinasagasa
hangang sa masumpung matamis na tula.

Ganiyan ang gaua naman ng isip co
sa gabing tahimic ng buan ng Julio.
cundi macatulog ay tinutula co
yaring mga cathang *Vigilias del Estio* (1)

Uala anomang masama
dito sa aquing quinat-ha, (2)
cundi mga *cuentong* luma, t, (3)
mariquit na salita.

Aco, i, ualang ninanais,
cundi ipucan sa isip
ang buhay na napagsapit
nitong *nación* nating ibig.

Ilician congang lahat.
at bala cong maisulat,
maibibigay mong cag-yat (4)
sa iyong asaua, t, anac.

Aco, i, tunay na castila, t,

(1) Ang mga novelang *Vigilias del Estio*

(2) Sa aquing mga talata

(3) Cundi istoria nang matanda, t,

(4) Maipababasang cag-yat

Si algo *impío* ni *extrangero*
Que haya en mis escritos quiero!
Que el cabo nací español

EL TALISMAN
Leyenda tradicional

Introducción,

Adora el pobre Genaro
A la hermosa Valentina
Correspóndele ella fina,
Pero les cuesta bien caro.

Porque entre ambos á dos media
Viejo y celoso un tutor,
Y al cabo vendrá su amor
A concluir en tragedia.

Pues en la audiencia togado,
Y poderoso en la corte,
No hay empresa que no aborte
Como en ello está empeñado,

Toda Sevilla respeta.
Su ciencia, y teme su enojo:
Que es el viejo hombre de arrojo
Y no hay quien le ponga meta.

Con fama de rectitud,
Y harto hipócrita exterior,
Es un hombre superior
En justicia y virtud.

Tal vez le odia la nobleza,
Y el populacho le acata,
Que es de cuna (hablando en plata.)
Columpiada en la bajeza.

Y á su genio emprendedor
Y á su ingenio y travesura.
Debe el verse en tan altura
Y gozar tanto favor.

Tal es el hombre que tienen
Por enemigo estos mozos,
Y que agüa todos sus gozos.
Más con suerté se avienen.

Y ellos á amarse constantes,
Y él á perseguirles fiero
Nadie cederá primero,
Ni el tutor, ni los amantes.

JOSÉ ZORRILLA.

(Se continuará)

búhay co,i, mautas naua
cung sa aquing mña cat-ha,i,
may mabása cang masama. (5)

ANG TALISMAN
Salita nang matatanda

Pasimulá.

Abang si Genaro,i, may iuing pag-liyag (1)
sa cay Valentinang luclucan ng dilag: (2)
ito,i, sumisinta na naman ng tapat,
nguni,t, ng nasapit ay cahabag-habag. (3)

Dahil sa canila ay may napaguitna
na isang *selosong tutor* na matanda,
caya ang pag-irog nila,i, sinasama.
at uari,i, bubunga lamang ng dalita. (4)

Sa pagca,t, *oidor* ang matandang iyan,
at doon sa *corte i*, macapang-yarihan,
caya ualang hindi sasamaing bagay
cung siya rin lamang ay maquiqui-alam.

Ang boong Sevilla,i, nangangayupapa
sa dunong at bagsic ng abang matanda:
sa pagca,t, siya nga,i, pangahas na lubha,t,
ualang macahad-lang sa caniyang nasa.

Siya,i, casabihang *recto t*, may matouid
bago,i, bulatcayo ang ingat na bait,
siya,i, isang tauong mataas mag-isip
at sa cabutiha,i, ualang macaparis (5)

Caauay, marabil, siya ng *noblesa*, (6)
cahit sinusuyo ng tauong hamac na:
cung pagtotouiri,i, totoo nga,t, siya
ay mahal na tauo, nguni,t, alimura. (7)

Sa mapag-acala niyang caisipan,
at capangahasan niya,t, casutilan,
ay quiniquilala niyang cautangan
cataasang yaong at tinamong dangal.

Ito nga ang siyang caauay na tauo
ng abang dalaga,t, ng abang Genaro,
nguni at sila ma,i, binabasag-ulo,
ay nagbabatá rin at yuco ang ulo.

Matiyaga sila na nagsisintahan,
cahit inuusig niyong tampalasan,
na hindi nga yata uulong munti mau,
at gayon din silang may yari ng tipan (8)

JOSÉ ZORRILLA.

(Itutuloy)

(5) May *extrangero,t*, masama.

(1) Abang si Genaro,i, siyang lumiliyag

(2) Sa cay Valentinang maganda,t, marilag

(3) Nguni at naoui sa pagca pahamac

(4) At uari,i, bubucal nang saganang luba

(5) Bauat at marunong na napacalabis

(6) Ang caguinoohan ay caauay niya

(7) Ay isang guino nguni,t, alimura

(8) At gayon din silang may tipang pacasal

MISCELANEA

Un vividor muy conocido se casó ayer en Quiapo.

Su suegra le dijo con acento muy conmovido al salir de la iglesia:

—Mi querido hijo, os he hecho felices y espero que no haréis ya más tonterías:

—No señora, no; esta será la última.

* *

Un borracho entra tambaleándose en la acreditada botica de Dulumbayan.

—¿Quién despacha?

—¿Qué desea usted?

—Una botella de vino....

—¿Cree usted que esto es una taberna?

—Vino de peptona, hombre. Como no deja usted hablar...

* *

En un examen de estos últimos celebrados en S. Juan de Letran.

El profesor.—¿Cómo expresaría usted en otra forma este pensamiento: «La necesidad es la madre de la invención?»

El alumno (después de reflexionar un momento).—«La invención es la hija de la necesidad.»

* *

Correspondencia entre dos vecinos de Cavite.

Primera carta.—«Cuando le vuelva á encontrar á usted, le daré un puntapie... donde puede usted figurarse.»

Respuesta.—«Me he apresurado á transmitir su carta de usted á la parte amenazada.»

* *

Lo que son.—Se convierten las mujeres:

En angeles, cuando tienen 15 años.

En espíritu, cuando están enamoradas.

En garzas reales, cuando bailan las habaneras.

En espeteras, cuando se cuelgan muchos dijes.

En leonas, cuando vén en peligro á sus hijos.

En carga perpetua, cuando se casan.

En hombres, cuando ascienden a suegras.

En cotorras, cuando frisan en los cuarenta.

En mártires, cuando se casan con un libertino.

En santas, cuando cumplen los deberes de su misión en el mundo.

* *

Unos hebreos de Metz se presentaron al mariscal Ferte, que se negó á recibirlos diciendo con muy mal humor:

—No quiero recibir a unos malvados que mataron á Jesucristo.

—Señor, dicen que os traen un regalo de cuatro mil duros.

—¡Vaya! qué entren; no debieron de conocerle cuando le crucificaron.

HALO HALO.

Isang manginginom na lubhang quilala ay ikuinasal cahapon sa Quiapo.

Paglabas sa Simbahan ay malumanay na pinagsabihan ng bianang babae ng ganito:

—Iniibig cong anac cayo, i, aking pinagpala caya huag na sana cayong gumaua ng calucuhan.

—Hindi po, hindi. Ito na po ang catapusang caululan.

* *

Isang lasing na hahapay hapay ay pumasoc sa bantog na Botica ng Dulumbayan:

—¿Sino ang nagbibile?

—¿Anong iniong ibig?

—Isang boteng alac....

—¿Ang acala mo baga, i, ito ang taberna?

—Alac ng peptona.; Biquit di mo hinintay mapus ang salita co.

* *

Sa isang examen dito sa huling guinaua sa Letran.

Ang pari. ¿Paano po sa ibang pananalita ang ganitong uica:

«Ang cailangan ay ina ng panucala?»

Ang alumno, (ng macapaguarang sandali) «Ang mga panucala ay anac ng cailangan.»

* *

Sultatán ng dalauang taga Cavite.

Unang sulat. Pagcayo, i, natagpuang co uli ay sisipang co sa lugar na dapat tamaan.

Sagot. Nagmadali po acong pinatagos ang sulat ninio sa lugar na pinagbabalaan.

* *

Ang pagbabago ng mga babae:

Naguiging angel pagcacaron ng 15 años.

Naguiging espiritu cung may iniibig na.

Naguiging pavo real cung macasayao ng habanera.

Naguiging sampayan pag natutong magpamuti.

Naguiging leona pag nasipanginib ang anac.

Naguiging cruz cung macasal.

Naguiging lalaqui cung maguing biyanan.

Naguiging loro cung sumasacy sa apat napung taón.

Naguiging martir cung macasal sa isang mangangaluna.

Naguiging santa cung matupad ang caniang catungculan sa mundo.

* *

Ilang hebreo na taga Metz ay dumalao sa Mariscal Ferte ayao silang tangapin at masama ang ulo na sinabi sa canila:

—Hindi co tinatangap ang mga sucab na pumatay cay Cristo.

Señor, ang sabi magreregalo ng apat naraang piso.

—¡Dale! marahil ay di nila naquilala ng canilang ipaco.

PRECIOS CORRIENTES DEL MERCADO

ABACA de Quilot núm. 1 suelto.	\$ 16' "	pico	Mdo.
id. de id. núm. 2 id.	" 16' "	id.	id.
id. de id. núm. 3 id.	" 12' "	id.	id.
id. etc. con 5 p ³ cdo. prdo.	" 10'62 ¹	id.	vtas.
id. id. id. id. suelto.	" 10'75	id.	mdo.
id. colorado solo	" 7'75	id.	id.
ACEITE de la Laguna. tja. 16 gtas.	" 4'75	tja.	id.
id. de Bisayas. id. id.	" 4'25	id.	id.
AJONJOLI blanco	" 2'75	pico.	id.
id. negro	" 2'50	id.	id.
ALMACIGA de Calamianes.	" 5'50	id.	id.
id. de Davao	" 2'25	id.	id.
id. de Sibuyan	" 3'75	id.	id.
ANIL de Ilocos.	" 40' "	ql.	id.
ARROZ blanco superior de mesa.	" 4' "	cavan.	id.
id. 1.a id. de Saigon No hay	" " "	" "	" "
id. 2.a id. de id.	" 3'44	id.	id.
id. corriente de id.	" 2'87 ¹	id.	id.
id. 2.a de Ilocos. No hay	" " "	" "	" "
id. 2.a de Pangasinan	" 2'81 ¹	id.	id.
id. 2.a de Zambales. No hay	" " "	" "	" "
id. corriente de Ilocos	" 2'50	id.	id.
id. id. de Pangasinan	" 2'50	id.	id.
id. id. de Zambales	" 2'75	id.	id.
id. id. varias procedencias	" 2'25	id.	id.
AZUCAR extra sup. n. 10 (farda).	" 4'12 ¹	pico	vtas.
id. id. id. núm. 9 (id.)	" 3'69	id.	id.
id. id. id. núm. 8 (id.)	" 3'50	id.	mdo.
id. id. superior núm. 7 (id.)	" 3'25	id.	vtas.
id. id. de Pangasinan	" 2'75	id.	mdo.
id. id. de Ilocos	" 2'44	id.	vtas.
id. id. de Balayan	" 2'50	id.	mdo.
id. id. de otras procedencias.	" 2'37 ¹	id.	id.
id. en pcha. de Ilocos. No hay	" " "	" "	" "
id. en id. de la Laguna.	" 3'12 ¹	mil.	id.
id. mojado de Pangasinan.	" 2'37 ¹	pico.	id.
id. id. de Taal.	" 2'37 ¹	id.	vtas.
id. id. de otras procedencias.	" 2'25	id.	mdo.
BALATE núm. 1.	" 20 "	pico.	id.
id. núm. 2.	" 16 "	id.	id.
id. núm. 3.	" 12 "	id.	id.
id. núm. 4.	" 8 "	id.	id.
BANCUANES de primera.	" 12'50	cto.	id.
id. de segunda	" 10' "	id.	id.
BAYONES gdes. de Pangasinan.	" 4' "	id.	id.
Id. pequeños	" 2'75	id.	id.
Id. de Capiz corriente.	" 3'40	id.	id.
Id. de la Pampanga	" 1'60	id.	id.
BEJUCOS partidos grandes	" 2'25	mil.	id.
Id. id. pequeños	" 1'25	id.	id.
BONOTES para estofa	" 4' "	arroba.	id.
BREA blanca en caja.	" 4' "	id.	id.
Id. id. en pasta (según clase).	" 16 á 25	caja.	id.
Id. corriente en id.	" 10 á 15	pico.	id.
Id. negra en id.	" 6 á 12	cto.	id.
CACAO de Davao.	" 26 "	cav.	id.
Id. de la La una	" 27'50	id.	id.
Id. de otras procedencias del país.	" 24' "	id.	id.
CAFE de Batangas.	" 32'75	pico.	vtas.
Id. de Indan	" 32'75	id.	id.
Id. de Silang	" 32'75	id.	id.
Id. de Ilocos. No hay.	" " "	" "	" "
Id. de Cebú. Id. id.	" " "	" "	" "
Id. de Zamboanga.	" 27' "	pico	mdo.
Id. negro	" 13'75	id.	id.
Id. corriente. mezclado	" 12 á 13	id.	id.
Id. caracolillo	" 40' "	id.	id.
COCOS de comer	" 10 "	mil.	id.

QUEROS de vaca prensados.	" 10 á 12	id.	id.
Id. de id. corrientes	" 7 á 10	id.	id.
Id. de carabao prensados.	" 6 á 7	id.	id.
Id. de id. corriente. No hay.	" " "	" "	" "
Id. salados.	" 7'50	id.	id.
Id. surtidos	" 6 á 7	id.	id.

JARCIA de abacá:			
de 1 ¹ / ₄ á 1 pulgada.	" 20 "	pico.	id.
de 1 á 6 id.	" 18 "	id.	id.
en calabrotes de 5 á 9 id.	" 25 "	id.	id.

LUMBANG.	" 4'75	pico.	id.
Id. corriente	" 4 "	id.	id.

MADERAS en bruto de 1.a	" 35 "	piécbco.	id.
de 2.a con curva	" 32 "	id.	id.
de 3.a con fallo.	" 30 "	id.	id.

MAGUEY núm. 1.	" 4'25	pico.	id.
Id. núm. 2.	" 3'25	id.	id.
Id. núm. 3.	" 2'25	id.	id.

PALAY de Factoría.	" 1'37	cavan.	id.
Id. de Daet. No hay	" " "	" "	" "
Id. de Zambales	" 1'50	id.	id.

PAPEL de china	" 22'50 á 24	gsa.	id.
Id. del Japon	" 15 "	id.	id.

PETACAS de Baliuag ctes.	" 11'25	cto.	id.
Id. de buntal de Laguna 1.a	" 14 "	dona.	id.
Id. de id. 2.a.	" 10 "	id.	id.
Id. de id. 3.a.	" 7'25	id.	id.
Id. de Pangasinan.	" 10'62	ciento.	id.

PETATES finos del país.	" 12'50	id.	id.
Id. corriente para fardos.	" 1'50	id.	id.
Id. para asoleo de azúcar.	" 1'62	id.	id.

SAL	" 1'25	cavan.	id.
SIBUCAO de Bgas. rectos.	" 1'37	id.	id.
Id. de Bolinao. No hay.	" " "	" "	" "
Id. de Zambales. Id. id.	" " "	" "	id.
Id. de Unión. Id. id.	" " "	" "	id.
Id. de Ilocos. Id. id.	" " "	" "	id.
Id. de Iloilo. Id. id.	" " "	" "	id.
Id. de Cebú. Id. id.	" " "	" "	id.

SINAMAY Catanduanes	" 40 "	pico.	id.
Id. Batangas.	" 30 "	id.	id.
Id. Iloilo	" 35 "	id.	id.

SOMBREROS de Baliuag 1.a	" 42 "	ciento.	id.
Id. id. 2.a.	" 34 "	id.	id.
Id. id. 3.a	" 28 "	id.	id.

TINTARRON de Pangasinan.	" 2'75	tlaja de 25 gantas.	id.
Id. de Pulilan.	" 3' "	id. de 20 id. id.	id.

TABACO rama de			
Isabela del 89 1.a.	" 26 "	id.	id.
Id. id. 2.a.	" 22 "	id.	id.
Id. id. 3.a.	" 18 "	id.	id.
Id. id. 4.a superior.	" 12 "	id.	id.

Cagayan del 89 1.a.	" 24 "	id.	id.
Id. id. 2.a.	" 20 "	id.	id.
Id. id. 3.a.	" 16 "	id.	id.
Id. id. 4.a superior.	" 11 50	id.	id.

Isabela del 90 1.a.	" 17 "	id.	id.
Id. id. 2.a.	" 15 "	id.	id.
Id. id. 3.a.	" 13 "	id.	id.
Id. id. 4.a superior.	" 9 "	id.	id.

Cagayan del 90 1.a.	" 16 "	id.	id.
Id. id. 2.a.	" 14 "	id.	id.
Id. id. 3.a.	" 11 50	id.	id.
Id. id. 4.a superior.	" 8 50	id.	id.

MGA BALITA

Ang lahat ng sasaqui-ang naglalayag sa mga pulong ito ay ayao palabasin ng mga may ari pagca,t, pinapagbabayad ng impuesto de Aduana, at cung may umalis man ay correspondencia lamang ang dala, nguni,t, hindi tumatangap nang carga.

Gayong ang pinagcaisahan nang mangá comerciante.

—Tangí samaningas na arao ng Curisma ay inalintana ng Maynila ang init ng panahon, gayon din ang pagod at dumalo sa mga santong gaua niyong mahal na arao: paris ng procesion, pagceestacion, pagdalo sa simbahan at paquinig ng sermon: palibhasa,i, mula sa Viernes de Dolores hangang sabado de Gloria ay ualang paguitan halos ang pinagcamulang panoorin, na eto,t, aming iisaisahin:

Viernes de los Dolores. Sa arao na yaon ay nagprocesion sa Binondoc, mahirhin ang ayos, maraming paso at bagong uso ang mga andas at carro.

Domingo de Ramos. Bucod sa mga lucang tabing ng simbahan, ang puso ng cacristianuhan ay nagtali sa galac ng arao na iyon. palibhasa,i, linalaro mandin ng caayaayang tunog ng campana, pinupucan ng malalamig na canta sa templo, at dinadalao ng mabisang biyaya na ibiububo ng langit: caya cahit magcagandagan ay nagsisicic ang tauo sa simbahan, candong ng catouan ay nagsisigaoang iuulog ang mga palaspas na ualang bilang.

Sa arao ring ito ay nagprocesion sa Santa Cruz, nagpapalalan ang inam ng mga andas, ang mga bulacacay buhay na buhay, ang gayac ng mga santo at mga judio, gayodin ang nagsisipanood; nguni,t, ang malumanay na tunog ng orquesta at ang malulungcot na canta ay naquiquibagay sa malamlam na sicut ng buan. Sa ayos ng procesion at dami ng umilao ay ualang sucat ipintas at marami ring paso na paris ng Binundoc.

Lunes Santo. Sa Quiapo at Recoletos (sa loob ng Maynila) ay lumabas ang procesion nang arao na iyon; nguni,t, isang tunay na procesion na ang cahibinan ay sucat ng macaquit sa pagdiligili, baquit buhay na buhay, magaganda at among amo ang muc-ha nang mga santo na ang mga anio,i, sila may sariing puso na tiguib ng hapis at ang mga laruan naman ni Jesus ay pauang cahambal-hambal ang anio na anaqui ay lipus na lipus ng aua sa tauo at hapunghapu sa hirap.

Martes Santo. Namumucud sa lahat ng pro-

cesion ang *Salubong* sa Tundo ng arao na yaon, pagca,t, anaqui isang tunay na Judea sa ali-ngasogas at gulo ng nanunuod sa lugar na pinagsalubungan, palibhasa ang Nazareno roon ay bumabaogon sa pagca dapa at tumatango ang ulo, gayondin si Sta. Verónica (Serafia) lumaladlad ng cusa ang dala niyang virang ó paño.

Datapat ang lalong nagparingal ng procesion ang mga soldados romanos (sundalong bayan) na ang matatapang nilang gayac at maranghang hanay ay litao na litao sa liuanag ng buan at ningas ng maraming candila ng nangagsilao.

Miercoles Santo. Isang tunay na libing at calaguimlaguim ang procesion sa Sampaloc ng arao na yaon, pagca,t, pauang nacasapot halos ó naca-abito ng guingon ang nagsilao. Hindi namin sasabihin ang tungcol sa tinieblas yamang lahat ng simbahan ay gumagaua ng gayon.

Jueves Santo Nagmisa sa Catedral sa arao na iyon, las siete ng umaga, ang cagalang-galang na Arzobispo, quinonsagra niya ang mga santos Oleos, at quinanta roon ang *Ave merum.* Dito,i, dumalo ang Ayutamiento. Pagcatapus ipinagprocesion sa Capilla ang Santisimo at saca ipinatente.

Guinaua rin naman ang paghinoo. At sa dacong hapon ay quinanta ang *Taghoy ni Jeremias* at natapus sa *Miserere*

Ang mga lansangan sa loob ng Maynila, noon, cahit maraming tauo ay tahimic na tahimic, samantalang ang lahat halos ng biyayang dumalo roon, matanda,t, bata guinoot tinaua, mayaman at duc-ha, babaet lalaqui, ay salusalubong na nagdarasal, at di napatdao ng lumalabas at pumapasoc sa mga simbahan.

Nagvisita iglesia rin naman ang mga pinuno ng Maynila.

Mararanhal at cahangahan ang mga monumento; ang nag-andap-andap nilang ilao at mga patay na culay, gayodin ang mapang-lao nilang anio ay naquiquibagay uari at nagdaramdam sa calaguimlaguim na hirap niyong Mañanacop.

Nagprocesion din naman ng hapong iyon sa lahat ng arabal, caya saan man sumuling ay ilao at tauo ang matatagpuan.

Viernes Santo. Ang lalong matigas na puso, ang lalong tulog na loob ng Maynila, ay mapupucan at quiquilabutan sa mga ceremoniang guinaua sa arao na yaon; at cung ninilayin ang lahat ng naquita sa simbahan ay mararamdamang tumatangis ang langit at lupa,

gayondin ang cabunducan, caparangán, caragatan, sampu pa ng hangin, apuy at tubig: at maquiquital sa isip ang hirap ni Jesus ng pagtubos sa sala at ang mapait na dalamhati ng guinigulio niyang Ina.

Sa Catedral, Binundoc, Ermita, Paco at Quiapo, ay nagcaron ng *siete palabra*, sermóng sucat macabagbag ng pusong cristiano; ngucit namumucod ang sa Catedral na ang somermon ay si P. Victoriano Bitrian, Jesuita, sermóng nagpatiboc sa puso nang mangá dumingig.

At sa dacong hapon ay nag-labaslabas sa mga simbahan ang procesion ng pag-lilibing sa daquillang Mananacop, na dito, i, caacbay ang lahat ng casangcapang guinamit sa caniyang paghihirap. Ngunit, sa camahalan, carangan at caayusan ay pangulo na ang sa Sto. Domingo, palibhasa, i, casama roon ang lahat ng Pinuno, paré at magpaparé, mga colegial at tropa.

Sa ingay ng matraca at pagupac, pagod at pagbabanal ay natapus ang mahal na aro.

—*Ang pasco*. Niyong lingo nang umaga pagsicat ni febo, guinaua ang salubong sa Tundo.

Sa tapat ng bahay ng hermano ay nagtayo ng hugusan; sa ilalim nito, i, nagsalubong ang mahal na Virgen at caniyang bugtong na Anac na casunod ang tatlong Maria, ng naroroon na ay biglang bumuca ang isang pusong nacabitin at nagliparan ang na sa loob na ibon; di caguinasaguisa, i, namulos sa ubod ng puso ang isang Angel, bicusan ng pabango ang Mahal na Virgen at inalis ang balabal na lucsa.

Maraming totoo ang nanood.

Marami rin namang suman at halos lahat uang bahay mula sa malaqui hangang sa cubacub ay merong putsero ó lauya, sa provincia ng Bulacan, ugaliang malaon nang umiiral.

—Ibinabalita ng mga periódico sa España na isang gabi raó ng viernes ng buan ng Febrero, ay natagpuan ng isang trabajador, sa pinto ng silong ng isang bahay sa calle S. Mateo sa Madrid, ang isang tila balutang may lamang patay na sangol, may casamang isang saro na ang laman naman ay 2000 pesos na pauang onzang guinto at ang caramihan ay yari ng panahon pa ni Carlos IV.

Sa loob ng saro ay natuclasan din ang isang sulat na ipinamamahi sa macacacuha ng naturang sangol na ito, i, binyagan at ang ingalan ay Carlos Luis, ingatan naman ang 200 pesos bilang ganti sa mag-aampon sa bata,

Ipinagbilin din naman sa naturang sulat na cung sino man ang mag-aalaga at ibig tumanag ng salapi buan buan ay ihayag lamang sa *Avisos útiles* ng *La Correspondencia* ang ganitong salita: *inayunan ang bilén, nabubahay*.

Ayon sa balita ay nanghihinayang ang nacapulot at di inabutang buhay ang sangol, at dili umano, i, isasauli sa may ari ang casamang 2000 pesos.

—Sa Valencia ay natagpuan sa isang pantion, ng bucsan ang isang nicho, na ang ataul na laman noon ay bucas at ang taquip ay nacahaguis sa isang tabi: ang cagayacan ng inilibing doon ay gusot na gusot, ang ulo ay sapo ng isang camay, isang aniyong nagpa-paquilala na malaquing hirap ang dinaanan ng maguising siya sa loob noong libingan.

Ang tauong ito ay isang canónigo na malaon ng nalilibing.

—Si Gustaf Ake manglalangoy na taga Suecia ay dumayo sa Valencia at ipinaquita ang caniyang buti sa tubig.

Nacasacay siya sa isang bote ng Noruega, á las 3 ng hapon ay sumugba sa tubig, na apat na suson ang suot na damit, nacasombrero, nagtatabaco na di namamatay ang apuy cahit inilulubog ang ulo sa tubig at nangunguha ng payong; pagcatapus nito ay hinubad ang caniyang damit, at gumaua ng iba, t, iba pang pagtatac-han: maraming pumuri.

—Sa pagpanaog sa hagdan ng isang Señora ay dumulas ang paa, at lumagpac sa lupa na una ang ulo, sapagat, t, siya, i, may paineta, ang isang ngipin nito ay napaco sa caniyang tuctuc na siyang iquinatamatay cahit dinaluhang agad ng mga Médico.

Ang sacunang ito ay nangyari sa Morfolc (Inglaterra) at Semmener ang ngalan ng naturang señora.

—Niyong nagdaang lunes sinimulan ang rifa sa *Kermese* ó *Bazar de Caridad*, maraming lubha ang nanasoc hanga ngayon, may músico, mariquit ang gayac at pauang maganda ang nagtitinda ng billete at nagbibili ng matamis, alac at iba pa.

Isang peseta lamang ang halaga ng tabaco, cerveza at iba pa.

Ang natitipon ng cuarta mula niyong lunes hanga niyong martes ng gabi ay mahiguit na tatlong libong pisos at cahati, t, labing anim.

—Hindi na matutupad ang ibinabalitang pagdating dito ng marangal na príncipe heredero ng imperio ng Rusia.

Ng martes ay inumpisahan ang paglilad ng ferro-carril magbuhat sa Tutuban hangang sa Bagbag at hindi na maluluwot na macorating sa Capampangan. Biendicionan ng Sr. Arzobispo at sumama ang maraming matataas na tao sa daanan ay maraming putucan at tumugtog ang maraming musica at nagsabog sila ng matamis. Ang tarifa ng bayaran ay eto.

PRECIOS									
1.a clase 2.a clase 3.a clase									
Estaciones									
Lleg.	Par.	Salida.	Lleg.	Par.	Salida.	Lleg.	Par.	Salida.	Lleg.
Bagbag.			Malolos.			Bagbag.			Malolos.
0.30	0.20	0.12	4.8	3.6	2.4	5.16	3.6	2.4	5.16
0.56	0.40	0.22	4.8	3.6	2.4	5.36	3.6	2.4	5.36
0.78	0.48	0.27	4.8	3.6	2.4	5.48	3.6	2.4	5.48
0.92	0.56	0.31	4.8	3.6	2.4	5.56	3.6	2.4	5.56
1.02	0.66	0.36	4.8	3.6	2.4	5.66	3.6	2.4	5.66
1.15	0.82	0.45	4.8	3.6	2.4	5.82	3.6	2.4	5.82
1.35	0.97	0.53	4.8	3.6	2.4	5.97	3.6	2.4	5.97
1.51	1.10	0.60	4.8	3.6	2.4	6.10	3.6	2.4	6.10

PRECIOS									
1.a clase 2.a clase 3.a clase									
Estaciones									
Lleg.	Par.	Salida.	Lleg.	Par.	Salida.	Lleg.	Par.	Salida.	Lleg.
Manila.			Malolos.			Manila.			Malolos.
0.16	0.12	0.06	2.8	2.0	1.2	3.16	2.0	1.2	3.16
0.37	0.27	0.15	4.8	3.6	2.4	5.37	3.6	2.4	5.37
0.50	0.36	0.20	4.8	3.6	2.4	5.50	3.6	2.4	5.50
0.60	0.44	0.23	4.8	3.6	2.4	5.60	3.6	2.4	5.60
0.73	0.54	0.30	4.8	3.6	2.4	5.73	3.6	2.4	5.73
0.83	0.61	0.32	4.8	3.6	2.4	5.83	3.6	2.4	5.83
0.96	0.70	0.38	4.8	3.6	2.4	5.96	3.6	2.4	5.96
1.22	0.90	0.48	4.8	3.6	2.4	6.22	3.6	2.4	6.22
1.51	1.10	0.60	4.8	3.6	2.4	6.51	3.6	2.4	6.51

Sa estación ng Bocaue ay magsasalubong ang tren núm. 2 at ang núm. 1; ang número 4 at núm. 3; ang núm. 6 at ang núm. 5; at ang núm. 8 at núm. 7,

LA GRAN BRETAÑA

BAZAR DE EFECTOS INGLESES

2-h

Y LA NUEVA IMPRENTA

Establecimiento Tipográfico de J. A. Ramos

Calles Real y S. Juan de Dios núm. 2 — Manila.

Importación directa de Londres, Sheffield, Birmingham, Bélgica y Estados Unidos de América

Agente de varios fabricantes de máquina para picar tabacos, para coser tela y cueros, para imprimir, cortar y rayar; máquinas de vapor, calderas, prensas, tipos, trapiches, máquinas para la Agricultura, para aguas gaseosas, etc., etc., etc.

Único depósito y punto de venta de las renombradas máquinas inglesas para coser de

JONES & Co

Antes de comprar una máquina de coser de mano ó de pié, véanse las perfeccionadas de

JONES Y Co

Las máquinas inglesas para coser, de mano y de pié de Jones y Co, son las únicas que tienen doble alimentador, lanzadera especial y todas las mejoras

más modernas y han obtenido los *Cinco primeros premios* en la última Exposición de Melbourne por su sencillez, solidez y ventaja sobre las demás de otro sistema. Con *garantía perpetua* y á precios más baratos que en el mismo Londres, se venden en «La Gran Bretaña.»

ECONÓMICO

Paroles con tubos de nueva invención. Fabricados con todas las mejoras del día. Ha llegado la remesa de faroles. Lady.—Dandy—Lord y Marqués. No más pérdida de tubos. No más rotura de cristales. Mucha claridad, elegancia y solidez. Manufactura inglesa.—Surtido constante. *Se regala á todo comprador, por cada par de faroles, un par de cristales y un par de tubos de respeto.*

EL PATRIOTA

El expendio de esta fábrica en la calle de Ilang-ilang núm. 10, Binondo, desde esta fecha queda trasladado á la calle de Asunción núm. 6, del mismo arrabal.

Ang tindahan nang fábricang ito sa calle Ilang-ilang núm. 10, Binondoc, mulâ ngayon ay na sa calle Asunción núm. 6, sa dati ring bayan.

LA ECONOMIA.

Calle de Carriedo, núm. 11,

En este nuevo establecimiento se compra, vende, cambia ó se alquila ajuar de casa así como altares provisionales. También pianos, armoniums, arpas, guitarras y bandurrias.

En el mismo se darán pormenores.

4

IMPRESA DE SANTA CRUZ

DE

D. JOSÉ DE JESÚS Y ROSARIO

EDITOR PROPIETARIO DE *La Lectura Popular*.

20.—CARRIEDO.—20.

IMPRESIONES DE TODAS CLASES

VARIADO SURTIDO

en papelería y efectos de escritorio.

EL ILOCANO

DIRECTOR: ISABELO DE LOS REYES

Periódico quincenal español-ilocano de ciencias y artes al alcance del pueblo, de intereses generales, conocimientos útiles y noticias.

Al precio de una peseta al mes, se suscribe en esta imprenta, Sta. Cruz, Carriedo 20,

Calle Carriedo, núm. 11.

Sa bagong tindahan ito ny namimili, nagbibili, pumapalit ó nagpapaupang mga pamuti sa bahay, paris ng altar na tangalin. Gayon din naman nang mga pianos, armoniums, alpá, bigüela at bauduria. Dito rin maquikipag intindihan.

Obras de Isabelo de los Reyes.

EL FOLK-LORE FILIPINO. Costumbres del país. Obra premiada con medalla de plata en la Exposición Filipina de Madrid. Consta de 646 páginas con impresión compacta. Se vende á 6 rs. fuertes cada tomo.

LAS ISLAS VISAYAS EN LA EPOCA DE LA CONQUISTA, á 4 reales.

ILOCANADAS, cuentos filipinos á 4 reales.

ARTICULOS VARIOS sobre etnografía, historia y costumbres de Filipinas, á 6 rs.

HISTORIA DE ILOCOS, 4 rs. cada tomo.

Se venden en esta imprenta y las principales librerías de Manila.

Casaysayan nang bayang Sampaloc

Mariquit na tulá, na maraming sinasaysay na na catotona, at maganda ang pagcacayari, cahit macapal manicapat lamang bawat isá, at malaquing rebaja cun daan ó libo ang cucunin. Ipinagbibili sa aming imprenta. Carriedo, 20.

Imp. de Santa Cruz, Carriedo 20.